

Mga Serbisyo ng Nebraska Medicaid para sa Tahanan
at Naka-base sa Komunidad o Nebraska Medicaid
Home and Community-Based Services (HCBS)

Mga Pagpapahintulot sa Mga Kapansanan sa Pag-unlad o (DD)

Pagpapahintulot para sa Tulong
Pampamilya DD Pagpapahintulot
sa Pang-araw na Pangangalaga sa
Nasa hustong gulang
Komprehensibong Pagpapahintulot sa DD

MABILIS NA GABAY SA MGA SERBISYO

*Ang Mabilisang Gabay ay isang panimula sa mga serbisyo upang
matulungan kang magpasya kung alin ang maaaring isaalang-alang.*



Hulyo 2025

Mga Serbisyon Magagamit

Ang mga serbisyon magagamit ay nakabatay sa iyong mga pangangailangan at sa uri ng Medicaid para sa Pagpapahintulot sa Tahanan at Naka-base sa Komunidad o Home and Community-Based Services (HCBS) DD na mayroon ka.

- Ang Pagpapahintulot para sa Suporta ng Pamilya o **Family Support Waiver (FSW)** ay para sa mga edad 0 (pagkapanganak) hanggang 21 taon.
- Ang Pagpapahintulot sa Pang-araw na Pangangalaga sa Nasa hustong gulang na may Kapansanan sa Pag-unlad o **Developmental Disabilities Adult Day (DDAD) Waiver** ay para sa mga may edad 21 pataas.
- Ang Pagpapahintulot sa Komprehensibong Kapansanan sa Pag-unlad o **Comprehensive Developmental Disabilities (CDD) Waiver** ay para sa lahat ng edad.

Kailangang matukoy ang mga serbisyo sa iyong plano na nakasentro sa tao bago ang isang tagapagbigay ay maaaring pahintulutan na magbigay ng mga serbisyo sa iyo.

Ikaw ang pumipili ng (mga) tagapagbigay na nais mong makatrabaho. Mayroong iba't ibang klaseng mga tagapagbigay na maaaring pagpilian:

- **Ahensyang Tagapagbigay para sa DD** – Isang kumpanyang nakarehistro bilang tagapagbigay ng Medicaid at sertipikado ng DHHS Public Health para magbigay ng mga serbisyo para sa kapansanan sa pag-unlad o developmental disabilities.
- **Independiyenteng Tagapagbigay ng DD** – Isang taong nakarehistro bilang tagapagbigay ng Medicaid at empleyado ng inyong organisasyon. Kapag nakapili ka na ng tao, may proseso ng pag-apruba ang estado upang matiyak na natutugunan ang mga kinakailangang pamantayan. Ang inyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo ang magbibigay-gabay sa inyo sa buong proseso.

Maaari pong magbasa ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa Buod ng Serbisyo ng DD. Maaaring ibigay ng iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo ang mga ito, ipaliwanag ang mga serbisyo, at talakayin ang mga opsyon sa tagapagbigay.

Makikita ang mga Buod ng Serbisyo sa webpage ng mga serbisyo ng DD.



<https://dhhs.ne.gov/Pages/DD-Service-Array.aspx>

Ipinapakita ng tsart na ito kung aling mga serbisyo ang makukuha sa bawat pagpapahintulot.

Mga Pagpapahintulot na Serbisyo sa DD	FSW	DDAD	CDD
Pang-araw na Pangangalaga sa Nasa hustong gulang	-	✓	✓
Teknolohiyang Pantulong	✓	✓	✓
Habilitasyon sa Pag-uugali sa Bahay	-	-	✓
Payo tungkol sa mga Benepisyo	-	✓	✓
Pang-araw na Habilitasyon para sa Bata	✓	-	✓
Paglahok sa mga gawain ng komunidad	✓	✓	✓
Konsultatibong Pagtatasa	-	✓	✓
Tuloy-tuloy na Pangangalaga sa Tahanan	-	-	✓
Pang-araw na Suporta	✓	✓	✓
Paghahanap ng Oportunidad sa Trabaho	-	✓	✓
Pagsusuri ng Pagbabago sa Kapaligiran	✓	✓	✓
Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya.	✓	-	-
Pag-gabay ng Pamilya at Kapwa	✓	-	-
Pagsusubaybay sa Pagpapanatili ng Kalusugan	✓	✓	✓
Mga Pagbabago sa Tahanan	✓	✓	✓
Tagapangalaga ng bahay	✓	-	✓
Tahanan ng Punong-abala	-	-	✓
Pamumuhay ng Mag-isa	✓	✓	✓
Pag-aalaga sa Sarili ng LRI	✓	✓	✓
Medikal na Habilitasyon sa Tahanan	-	-	✓
Sistema ng Personal na Pagtugon sa Emerhensiya o Personal Emergency Response System (PERS)	✓	✓	✓
Pagsasanay bago magtrabaho	-	✓	✓
Malayuang Suporta	✓	✓	✓
Pansamantalang pamamahinga	✓	✓	✓
Pamumuhay na Pinagsasaluhan	-	-	✓
Suportang Bokasyonal para sa Maliit na Grupo	-	✓	✓
Sinusuportahan na Trabaho - Pagsusubaybay	-	✓	✓
Sinusuportahan na Pagtatrabaho – Indibidwal	-	✓	✓
Sinusuportahang Pamumuhay ng Pamilya	✓	✓	✓
Mga Serbisyon Paglipat	-	✓	✓
Transportasyon	✓	✓	✓
Pagbabago sa Sasakyan	✓	✓	✓
Tuloy-tuloy na Tahanan para sa Kabataan	-	-	✓

Pang-araw at Nakabatay sa Komunidad

Nakatuon sa pagpapabuti o pagpapanatili ng mga kasanayan. Maaaring gamitin bilang karagdagang aktibidad sa iyong araw kung ikaw ay may pansamantalang trabaho. Maari mo rin itong magamit kung wala kang trabaho ngayon.

Pang-araw na Pangangalaga sa Nasa hustong gulang

(DDAD, CDD)

Nagbibigay ng makabuluhang mga gawain sa isang ligtas at binabantayan na lugar na malayo sa inyong tahanan. Magagamit mo ang serbisyong ito para makagawa ng mga bagay sa inyong komunidad. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay na maging mas independent sa iyong mga pangangailangang pangkalusugan at panlipunan. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw na pamumuhay, pagpapanatili ng kalusugan, at pagbibigay ng pagmamamanman. Ang serbisyong ito ay hindi maaaring gamitin para sa anumang uri ng trabaho o boluntaryong gawain.

Pang-araw na Habilidad para sa Bata

(FSW, CDD)

Nagaganap sa isang kapaligirang pang-komunidad Nagbibigay ng pagtuturo at suporta mula sa staff upang matugunan ang mga pangangailangan ng iyong anak na angkop sa kanyang edad, dahil sa kapansanan o espesyal na kalagayan sa kalusugan. Nakatuon ito sa pagtuturo at pagbibigay ng suporta upang isulong ang pagiging independent at personal na pag-unlad habang hinihikayat ang pakikibahagi sa komunidad. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Paglahok sa mga gawain ng komunidad

(FSW, DDAD, CDD)

Nagtuturo ng mga kakayahang tumulong sa sarili, angkop na pag-uugali, pakikisalamuha, at mga kasanayang angkop sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kadalasang ginaganap ang serbisyong ito sa loob ng komunidad. Ikaw ang magdedesisyon kung saan at gaano kadalas gusto mong pumunta sa mga lugar. Pinapalawak ng serbisyong ito ang iyong pagiging independent, personal na pagpili, at pakikipag-ugnayan sa mga tao sa iyong komunidad Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw na pamumuhay, pagpapanatili ng kalusugan, at pagbibigay ng pagmamamanman. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Pang-araw na Suporta

(FSW, DDAD, CDD)

Nagbibigay ng mga aktibidad sa isang lugar na kontrolado ng tagapagbigay para sa arawang serbisyo. Itinuturo ng iyong provider ang mga kasanayan sa sariling pangangalaga, angkop na pag-uugali, pakikisalamuha, at mga kasanayang pang-angkop. Ang serbisyong ito ay maaaring gamitin kapag wala kang layunin na magtrabaho at hindi ka naghahanap ng trabaho. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw na pamumuhay, pagpapanatili ng kalusugan, at pagbibigay ng pagmamanman. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Suportang Bokasyonal para sa Maliit na Grupo

(DDAD, CDD)

Ibinibigay sa isang negosyo o sa iyong komunidad. Nagtatrabaho kang mag-isa o kasama ang isang grupo upang matutunan ang mga kasanayan at tamang asal sa trabaho. Ang negosyo ang nagbabayad sa iyong tagapagbigay ng serbisyo, at ang iyong tagapagbigay ang nagbabayad sa iyo. Maaari kang makatrabaho o makausap ng mga kasamahan o kliyente. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw na pamumuhay, pagpapanatili ng kalusugan, at pagbibigay ng pagmamanman. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Trabaho

Suporta para sa patuloy na pagpapanatili ng iyong pinagsanib at kompetitibong hanapbuhay.

Payo tungkol sa mga Benepisyo

(DDAD, CDD)

Tinutulungan kang maunawaan ang iyong landas patungo sa pagkakaroon ng personalized at integrated na trabaho o sariling negosyo Ipapaliwanag nito kung paano maaaring maapektuhan ng pagtatrabaho ang iyong kasalukuyang mga benepisyo. Ang pangunahing layunin ay pagpapahusay ng iyong kakayahang magsarili sa aspetong pangkabuhayan sa pamamagitan ng paggamit ng mga insentibong pampagtrabaho. Kabilang rito ang Edukasyon tungkol sa mga Benepisyo, Pagpaplano ng Benepisyo, at Pamamahala ng Benepisyo.

Paghahanap ng Oportunidad sa Trabaho

(DDAD, CDD)

Isang serbisyong may takdang oras at tiyak na layunin upang tulungan kang makagawa ng maalam na desisyon kung nais mong tahakin ang personalized at integrated na trabaho o sariling negosyo Ang serbisyong ito ay maaaring tumagal ng hanggang 30 araw (kalendaryo) mula sa petsa ng pagsisimula nito.

Pagsasanay bago magtrabaho

(DDAD, CDD)

Tinuturuan ka ng mga pangunahing kasanayan sa trabaho na kailangan para makakuha ng trabaho sa komunidad. Maaaring gamitin ang serbisyong ito hanggang sa 12 buwan. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw na pamumuhay, pagpapanatili ng kalusugan, at pagbibigay ng pagmamamanman. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Sinusuportahan na Trabaho - Pagsusubaybay

(DDAD, CDD)

Tinutulungan kang mapanatili ang iyong kompetitibong trabaho. Ang serbisyong ito ay maaaring ibigay nang direkta sa iyo o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong tagapag-employo para sa iyo. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Sinusuportahan na Pagtatrabaho – Indibidwal

(DDAD, CDD)

Nagbibigay ng pagsasanay sa trabaho para sa indibidwal na pagtuturo upang matulungan kang mapanatili ang iyong trabahong kompetitibo. Ang serbisyong ito ay ibinibigay sa iyong trabaho. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga kasanayan sa trabaho at mga pagsangguni para sa iba pang mga mapagkukunan. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Paninirahan – Pana-panahon

Suporta upang makapamuhay sa sarili mong bahay o apartment. Maaaring kasama rito ang bahay ng pamilya mo o isang lugar na pinagsasaluhan mo kasama ng mga kaibigan. Nakatuon ito sa pagtulong sa iyo na maging mas malaya hangga't maaari.

Tagapangalaga ng bahay

(FSW, CDD)

Tumutulong sa mga pangkalahatang gawaing bahay gaya ng pagluluto, paglalaba, pamamalengke o pag-aasikaso ng mga kailangan, at paglilinis. Magagamit ang panandaliang serbisyong ito kapag ang taong karaniwang gumagawa ng mga gawaing bahay ay hindi makakatulong. Hindi kabilang ang pag-aalaga o pagbabantay. Ang serbisyong ito ay para sa mga taong wala pang 18 taong gulang at nakatira sa kanilang tahanan kasama ang pamilya. May iba pang serbisyo ang DHHS na maaaring tumugon sa pangangailangang ito para sa mga taong edad 18 pataas.

Pamumuhay ng Mag-isa

(FSW, DDAD, CDD)

Ibinibigay sa sarili ninyong tahanan. Ang inyong tagapagbigay-serbisyo ay nagtuturo ng mga kakayahan para sa malayang pamumuhay at pakikilahok sa komunidad. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa mga gawain sa araw-araw, pagpapanatili ng kalusugan, at mga kasanayan sa pakikisalamuha at paglilibang. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Pag-aalaga sa Sarili ng LRI

(FSW, DDAD, CDD)

Ang LRI ay nangangahulugang “Legally Responsible Individual” o Legal na Responsableng Indibidwal, at tumutukoy ito sa isang tao na siya ang nagbibigay ng serbisyo sa naturang papel. Depende sa iyong pangangailangan, ang iyong tagapagbigay ng serbisyo ay tutulong sa mga gawaing pang-araw-araw na pamumuhay, mga gawaing may kinalaman sa kalusugan, at maaaring kasama rin ang mga instrumental na gawain sa pang-araw-araw na buhay. Ang serbisyong ito ay ibinibigay sa iyong tahanan at iba pang lugar sa komunidad.

Pansamantalang pamamahinga

(FSW, DDAD, CDD)

Isang serbisyong maaari mong gamitin kapag hindi mo na kayang alagaan ang iyong sarili. Ang Pansamantalang pamamahinga ay pansamantalang ginhawa para sa iyong regular na tagapag-alaga na naninirahan sa iyong tahanan. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay, pagpapanatili ng kalusugan, at pangangasiwa.

Sinusuportahang Pamumuhay ng Pamilya

(FSW, DDAD, CDD)

Ibinibigay sa inyong tahanan ng pamilya. Tinuturuan ka ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng kakayahan para maging independyente at makilahok sa mga gawain sa komunidad. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw, pagpapanatili ng kalusugan, kasanayan sa pakikisalamuha at paglilibang, pati na rin sa paglahok sa komunidad.

Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Pabahay – Tuloy-tuloy

Magagamit kapag kailangan mo ng suporta, 24/7 na handang tumulong para mapanatili ang kaligtasan.

Habilitasyon sa Pag-uugali sa Bahay

(CDD)

Isang panandaliang serbisyo para sa mga pagkakataong dumaranas ka ng matinding problema sa kalusugang pangkaisipan o kilos na humahadlang sa iyong normal na pang-araw-araw na gawain. Ang serbisyong ito ay ibinibigay sa iyong tahanan. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw na pamumuhay, pagpapanatili ng kalusugan, at pagbibigay ng pagmamanman. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Tuloy-tuloy na Pangangalaga sa Tahanan

(CDD)

Ibinigay sa isang tahanan na pinamamahalaan ng tagapagbigay at may mga tauhan na nagpapalitan ng trabaho. Itinuturo ng iyong tagapagbigay ang mga kasanayan para sa pamumuhay nang malaya at paggawa ng mga bagay sa iyong komunidad. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw, pangangalaga sa kalusugan, kasanayan sa pakikisalamuha at paglilibang, pati na rin sa pag-iingat. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Tahanan ng Punong-abala

(CDD)

Ibinibigay sa tahanan ng empleyado ng ahensiyang tagapagbigay ng serbisyo. Kasama mong naninirahan ang empleyado at magkakasamang isinasabuhay ang araw-araw na gawain kasama ang pamilya sa tahanan at komunidad. Itinuturo ng iyong tagapagbigay ang mga kasanayan para sa pamumuhay nang malaya at paggawa ng mga bagay sa iyong komunidad. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw, pangangalaga sa kalusugan, kasanayan sa pakikisalamuha at paglilibang, pati na rin sa pag-iingat. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Medikal na Habilitasyon sa Tahanan

(CDD)

Isang panandaliang serbisyo para sa mga pagkakataong dumaranas ka ng malubhang medikal na pangyayari na humahadlang sa iyong normal na pang-araw-araw na gawain. Ang serbisyong ito ay ibinibigay sa iyong tahanan. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw na pamumuhay, pagpapanatili ng kalusugan, at pagbibigay ng pagmamanman. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Pamumuhay na Pinagsasaluhan (CDD)

Ibinibigay sa tahanan ng kontratista ng ahensiyang tagapagbigay ng serbisyo. Kasama mong naninirahan ang kontratista at magkakasamang isinasabuhay ang araw-araw na buhay kasama ang pamilya sa tahanan at komunidad. Itinuturo ng iyong tagapagbigay ang mga kasanayan para sa pamumuhay nang malaya at paggawa ng mga bagay sa iyong komunidad. Tinutulungan ka ng iyong tagapagbigay sa mga gawain sa araw-araw, pangangalaga sa kalusugan, kasanayan sa pakikisalamuha at paglilibang, pati na rin sa pag-iingat. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Tuloy-tuloy na Tahanan para sa Kabataan (CDD)

Ipinagkakaloob para sa mga kabataang may edad na 18 taon pababa sa isang pasilidad na pinamamahalaan ng tagapagbigay at may mga tauhan na nagpapalitan ng trabaho. Ang patuloy na suporta ay isinasabay sa iyong pangangailangan para matuto, ma-retain, o mapaunlad ang skills mo para maging mas independyente ka. Ang layunin ay mabuhay ka sa pinaka-angkop at komportableng kapaligiran ayon sa iyong mga pangangailangan. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Teknolohiyang Pantulong at mga Pagbabago

Teknolohiyang Pantulong (FSW, DDAD, CDD)

Kabilang dito ang mga aparato, kagamitan, at kasangkapang makatutulong sa iyo na maisagawa ang mga gawain nang mag-isa upang mabawasan ang iyong pagdepende sa ibang tao.

Pagsusuri ng Pagbabago sa Kapaligiran (FSW, DDAD, CDD)

Isang pagsusuri para malaman kung anong mga device ang kailangan mo o anong mga pagbabago ang dapat gawin sa bahay o kotse mo. Isinasaalang-alang nito ang iyong kalusugan at kaligtasan, ang pag-access mo sa komunidad, at ang iyong kakayahang maging independyente. Maaaring kailanganin ang serbisyong ito bago gamitin ang Assistive Technology, Pagbabago sa Bahay, o Pagbabago sa Sasakyan.

Pagbabago sa Bahay

(FSW, DDAD, CDD)

Mga pagbabago sa iyong tahanan para gawing mas madali at ligtas ang paggalaw at paggawa ng mga bagay nang mag-isa. Ang mga pagbabago ay dapat maging daan para mas madali kang makapasok sa iyong bahay at hindi na masyadong umasa sa tulong ng iba.

Malayuang Suporta

(FSW, DDAD, CDD)

Ang Malayuang Suporta o Remote Supports ay ang paggamit ng iyong tagapagbigay ng serbisyo ng teknolohiya upang tulungan ka mula sa ibang lokasyon gamit ang live na interaktibong komunikasyon. Ito ay nagbibigay-daan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo na masubaybayan ang iyong kalusugan at kaligtasan kahit hindi pisikal na naroroon. Maaari silang gumamit ng mga kagamitan tulad ng mga sensor at alerto na lumilikha ng sa aktuwal na oras na pangyayari na datos.

Pagbabago sa Sasakyan

(FSW, DDAD, at CDD)

Mga pagbabago sa sasakyan o van upang umangkop sa iyong pangangailangan na ganap na makibahagi sa komunidad. Ang mga pagbabago ay dapat makatulong sa iyo upang mas madaling pagkuha ng iyong sasakyan at mangailangan ng mas kaunting tulong mula sa ibang tao.

Kalusugan at Kaligtasan

Konsultatibong Pagtatasa

(DDAD, CDD)

Tinutulungan ka nito na manatili sa iyong kasalukuyang serbisyo habang pinapanatili ka, at ang iba, na ligtas. Sinusubaybayan ka ng tagapagbigay sa iyong tahanan at kung saan nakatanggap ka ng mga serbisyong pang-araw, gumagawa ng pagtatasa sa pag-uugali batay sa tungkulin, at nagbibigay ng mga rekomendasyon sa iyong koponan. Ang mga interbensyon sa pag-uugali ay nabuo, ginagamit, tinatasa, at binabago kung kinakailangan. Ito ay isang serbisyong habilitatibo.

Pagsusubaybay sa Pagpapanatili ng Kalusugan

(FSW, DDAD, CDD)

Sinusubaybayan ang iyong personal na kalusugan at kinokolekta ang medikal na datos upang mapabuti ang pamamahala, pangangalaga, at suporta para sa iyong mga pangmatagalang medikal na kondisyon. Mga propesyonal sa kalusugan na nagbibigay ng edukasyon, suporta, at patnubay; tinuturuan ka nila, o iyong tagapag-alaga, kung paano mo susubaybayan ang mga sintomas, susundin ang mga plano sa paggamot, at baguhin ang iyong istilo ng pamumuhay upang mapanatili ang iyong kalusugan at kagalingan.

Sistema ng Personal na Pagtugon sa Emerhensiya o Personal Emergency Response System (PERS)

(FSW, DDAD, CDD)

Isang elektronikong aparato na tutulong sa iyo na makipag-ugnayan sa iba kapag may emerhensiya. Ang sistema ay nakakonekta sa iyong telepono at nagpapadala ng abiso sa isang itinakdang tao o call center kapag pinindot mo ang isang pindutan.

Tagapag-alaga at Suporta ng Pamilya

Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya.

(FSW)

Nagbibigay ng pagsasanay at edukasyon sa iyong mga kapamilya o tagapag-alaga na walang bayad at nagbibigay ng di-pormal na suporta.

Pag-gabay ng Pamilya at Kapwa

(FSW)

Naglalaan ng mga tagapag-gabay na nagbahagi ng mga karanasan sa mga pamilya o mga nakibahagi upang maglaan ng suporta, edukasyon, at patnubay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga estratehiya at karanasan sa paggamit ng sistema at mga mapagkukunan.

Mga Produkto at Serbisyo

Mga Serbisyong Paglipat (DDAD, CDD)

Nagbabayad ng isang beses na gastos upang matulungan kang lumipat mula sa isang ICF/IID, bahay-pag-aalaga, o sentrong panrehiyon. Maaaring kabilang dito ang mga pangunahing kasangkapan sa bahay, mga kagamitang pantahanan, deposito para sa seguridad, bayad o deposito ng mga pangunahing bayarin, o mga gastos sa paglipat.

Transportasyon (FSW, DDAD, at CDD)

Nagbibigay ng masasakyan papunta at pabalik mula sa mga serbisyo ng pagpapahintulot, hiwalay sa transportasyon sa panahon ng mga serbisyo. Hindi dapat palitan ng transportasyon ang iba pang mapagpipilian na makukuha mo, gaya ng pagsakay mula sa mga kaibigan o pamilya. Hindi maaaring gamitin ang transportasyon para sa pagpunta sa mga medikal na appointment dahil may iba pang mga serbisyo ng DHHS na nakalaan para sa pangangailangang ito.

Makipag-ugnayan sa DHHS

(877) 667-6266

dhhs.DDDCommunityBasedServices@nebraska.gov